



## Oral and Silent Reading and Its Effect on Reading Comprehension Levels of Grade 7 Students Under the MATATAG Curriculum

Jayson T. Dignos<sup>1</sup>, Anesa P. Mangindra<sup>2</sup>

<sup>1</sup>Department of Education, Lagao National High School – General Santos City, Philippines

Email: [jaysondignos23@gmail.com](mailto:jaysondignos23@gmail.com)

<sup>2</sup>Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines

Email: [apmangindra@gmail.com](mailto:apmangindra@gmail.com)

### Abstract:

*This study aims to examine the reading levels of seventh-grade students, specifically in oral and silent reading, as well as their level of comprehension under the MATATAG Curriculum. It was conducted at Lagao National High School, General Santos City, during the third quarter of the 2024-2025 school year. The study used a quasi-experimental design, where the performance levels of 33 students in oral reading and 34 students in silent reading were assessed based on pre-test and post-tests. The test used was derived from the PHIL IRI to measure comprehension levels. The effectiveness of the prepared lesson plans was also evaluated in terms of content, appropriateness, and technical quality through expert validation. The study found that students in oral reading started at the instructional level and progressed to the independent level in the post-test. Meanwhile, in silent reading, most students were at a frustration level initially but showed a slight improvement in the post-test. Although there was no significant difference in the pre-test and post-tests in oral reading, a significant difference was found in silent reading. In terms of mean gain percentage, oral reading scored 5.18, while silent reading scored 8.39. Based on the findings, it was proven that supplemental instruction in both oral and silent reading is effective in improving comprehension levels. However, reading strategies need further enhancement to better support students, particularly those at the frustration level. In this regard, the implementation of remedial reading programs is recommended to improve students' reading skills.*

**Keywords:** *antas ng pag-unawa, , independent, instructional, frustration, MATATAG Curriculum, pasalita na pagbasa, patahimik na pagbasa*

### PANIMULA

Sa pagbabasa sa saanmang panig ng mundo ay patuloy itong hinaharap ang malaking hamon at pagbabagong dulot ng paghubog sa teknolohiya, na nagbigay ng mga daan sa mas mabilis na pagtala sa mga aklat at impormasyon. Ngunit kabilang nito, marami pa ring tao, higit na sa mga umuusbong na bansa ang nahihirapang makakuha sa de-kalidad na materyales sa pagbasa upang makamtan ang pag-unlad na antas ng literasiya. Mahalaga na magkaroon ang mga bata ng mahuhusay na batayang kasanayan sa pagbabasa at sapat na kaalaman upang maging matagumpay sa kanilang pagkatuto.

Lumahok ang Pilipinas sa *PISA* noong 2018 at nakakuha ng iskor na 340 sa pag-unawa sa binasa, mas mababa sa inaasahang 487, kaya nagtamo ito ng huling pwesto (San Juan, 2019). Dahil dito, naglunsad ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga programa tulad ng *Every Child A Reader Program (ECARP)*, Bawat Bata Bumabasa (*3B's*) Initiative, at *Basa Pilipinas Project* upang mapabuti ang kahusayan sa pagbabasa ng mga estudyante. Gayunpaman, sa kabilang mga hakbang na ito, patuloy na bumaba ang antas ng kahusayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral.

Bagaman may mga pag-aaral na nagpapakita ng positibong epekto ng pasalita at patahimik na pagbasa sa kahusayan ng mga estudyante, hindi pa rin buo ang pagpapabuti ng kanilang literal na pag-unawa at paghihinuha (Misanes & Pascual, 2023; Dela Cruz, 2021; Kim, Petscher, & Vorstius, 2019; Landa & Barbetta, 2017; Cunha & Capelin, 2016). Mahalaga ang kasalukuyang pag-aaral sa konteksto ng K to 12 Revised Curriculum, ngunit limitado pa ang mga mananaliksik tungkol sa epekto nito sa mga mag-aaral sa ilalim ng nasabing kurikulum. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano nakakaapekto ang pasalita at patahimik na pagbasa sa komprehensiyon ng mga mag-aaral.

Kaugnay ng nabanggit, nilalayon ng mananaliksik ang pagyaman ng kultura sa pagbabasa kung saan itinuturing na mahalaga sa kasalukuyang yugto ng pagbabago, alinsunod sa *DepEd Order No. 173, s. 2019*. Bukod dito, ninanais din ng mananaliksik na tuklasin sa hinaharap ang mga benepisyo ng pasalita at patahimik na pagbasa sa bahagdan ng antas ng pag-unawa ng mga mambabasa sa ilalim ng K to 12 Revised Curriculum, partikular sa mga estudyanteng ng ikapitong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Lagao.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito matukoy ang kaantasan ng pag-unawa sa pagbabasa ng mga mababasa sa Ikapitong Baitang. Ispesipikong nilalayon din ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang bahagdan sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasalita na pagbasa?
  - 1.1 *Independent*,
  - 1.2 *Instructional*, at
  - 1.3 *Frustration*?
2. Ano ang bahagdan sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa patahimik na pagbasa?
  - 2.1 *Independent*,
  - 2.2 *Instructional*, at
  - 2.3 *Frustration*?
3. Ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa eksperimental na mga pangkat batay sa resulta ng:

- 3.1 Paunang Pagsusulit; at
- 3.2 Panghuling Pagsusulit?
4. Ano ang mean gain percentage ng mga mag-aaral sa eksperimental na mga pangkat?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa eksperimental na mga pangkat batay sa resulta ng paunang at panghuling pagsusulit?
6. May makabuluhang pagkakaiba ba sa mean gain scores ng mga mag-aaral sa eksperimental na mga pangkat?

## METODOLOHIYA

### 2.1 Disenyo

Ginamit sa pananaliksik ang *Quasi-Experimental* na disenyo upang mailarawan ang sa antas ng pag-unawa sa pasalita at patahimik na pagbasa. Sa pamamagitan nito, pinakapangunahing ginagamit na kagamitan ay ang pauna at panghuling pagsusulit upang magkaroon ng makabuluhang paghahambing sa dalawang pangkat. (Aini et al., 2023). Layunin ng pag-aaral na masukat ang bahagdan sa antas ng pagganap sa pagbasa batay sa pauna at panghuling pagsusulit, at alamin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit.

### 2.2 Respondente

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mayroong 67 na mag-aaral mula sa Ikapitong Baitang ng Pembansang Mataas na para sa taong panuruan 2024-2025. Hinati sa dalawang pangkat ang mga mambabasa, sa dalawang eksperimental na pangkat, na binubuo ng Baitang 7-Cory Aquino (Pangkat Eksperimental 1) at Baitang 7-Duterte (Pangkat Eksperimental 2). Sa pagpili naman ng mga respondente ay batay sa resulta ng kanilang kahusayan sa pagbasa, kung saan ang mga mambabasa na may natukoy na kakulangan sa pagbabasa ang napabilang sa pananaliksik.

### 2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang purposibong pamamaraan ng sampling. Ang paraang ito ang kinapapalooban sa pagpili ng kalahok batay sa partikular sa katangian, tulad ng edad, kasarian, o antas ng kasanayan sa pagbasa, upang matiyak na ang sample ay kumakatawan sa kabuuang populasyon (Alchemer, 2021). Sa pamamagitan nito, mas magiging tumpak ang pagsusuri ng datos at mas inayon sa layunin ng pag-aaral. Pinili ang pamamaraan dahil ang respondente sa pinag-aranan ay natukoy batay sa kanilang partikular na profile na nauugnay sa suliranang tinatalakay. Bukod dito, ang dalawang napiling pangkat—Baitang 7 – Corazon Aquino at Baitang 7 – Duterte—ay personal na hinahawakan ng mananaliksik, kaya mas magiging sistematiko at walang bahid ng pagkiling ang pagmomonitor ng resulta sa pinag-arealan.

## RESULTA

Makikita sa resulta ng Talahanayan 1 ang paunang pagsusulit na ang antas na *Instructional* ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 81.82%, sinundan naman ito ng antas na *Independent* na may bahagdan na 12.12% at sa antas naman ng *Frustration* ay nakakuha ng 6.06%. Samantala, sa panghuling pagsusulit, ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan ay ang antas ng *Independent* na may bahagdan na 57.58%, nakakuha naman ng bahagdan na 33.33% ang antas ng *Instructional* at ang antas na *Frustration* naman ay may bahagdan na 9.09%.

Talahanayan 1. Bahagdan sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pasalita na Pagbasa Pasalita na Pagbasa sa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit na Halaw mula sa PHIL IRI

Pagsusulit	<i>Independent</i>		<i>Instructional</i>		<i>Frustration</i>		<i>Kabuoan</i>	
	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%
Pauna	4	12.12	27	81.82	2	6.06	33	100
Panghuli	19	57.58	11	33.33	3	9.09	33	100

Matutunghayan sa resulta ng Talahanayan 2 ang paunang pagsusulit na ang antas na *Frustration* ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 55.88%, sinundan naman ito ng antas na *Instructional* na may bahagdan na 44.12%. Makikita din dito na walang nakapagkamit sa antas ng *Independent*. Samantala, sa panghuling pagsusulit, ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan ay ang antas ng *Independent* na may bahagdan na 44.12%, nakakuha naman ng bahagdan na 29.41% ang antas na *Instructional* at ang antas ng *Frustration* naman ay may bahagdan na 26.47%.

Talahanayan 2. Mga Bahagdan sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Patahimik na Pagbasa sa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit na Halaw mula sa PHIL IRI

Pagsusulit	<i>Independent</i>		<i>Instructional</i>		<i>Frustration</i>		<i>Kabuoan</i>	
	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%	<i>n</i>	%
Pauna	0	0	15	44.12	19	55.88	34	100
Panghuli	15	44.12	10	29.41	9	26.47	34	100

Mapagtanto sa Talahanayan 3 na ang paunang pagsusulit ng eksperimental 1 sa pasalita na pagbasa ay nakakuha ng mean na 81.91(SD=5.12) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ang mga mag-aaral habang sa panghuling pagsusulit naman ay nakakuha ng mean na 87.03 (SD=8.78) na may deskriptibong halos ganap na nauunawaan na ng mga mag-aaral.

### Talahanayan 3. Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Pasalita na Pagbasa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit

Pagsusulit	n	Mean	SD	Dekripsiyon
Pauna	33	81.85	5.12	Papalapit sa Ganap na Pag-unawa
Panghuli		87.03	8.78	Halos Ganap na Nauunawaan

Matutunghayan sa Talahanayan 4 na ang paunang pagsusulit ng eksperimental 2 sa patahimik na pagbasa ay nakakuha ng mean na 73.26 ( $SD=4.22$ ) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ang mga mag-aaral habang sa panghuling pagsusulit naman ay may kaparehong interpretasyon na nakakuha ng mean na 81.65 ( $SD=10.24$ ) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ng mga mag-aaral. Batay sa datos na inilahad sa paunang pagsusulit, hindi pa sapat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bago pa man ang supplemental na pagtuturo sa eksperimental na pangkat 2 batay sa mga binasang teksto at katanungan na may mga estratehiyang angkop para sa pasalitang pagbabasa.

### Talahanayan 4. Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Patahimik na Pagbasa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit

Pagsusulit	n	Mean	SD	Deskripsiyon
Pauna	34	73.26	4.22	Papalapit sa Ganap na Pag-unawa
Panghuli		81.65	10.24	Papalapit sa Ganap na Pag-unawa

Mababakas sa Talahanayan 5 na nakapagtala ang eksperimental na pangkat 1 sa pasalita na pagbasa ng mean na 81.85 ( $sd=5.12$ ) sa paunang pagsusulit at mean na 87.03 ( $sd=8.78$ ) sa panghuling pagsusulit at nakakuha ng mean gain percentage na 5.18. Samantala, nakapagtala naman ang eksperimental na pangkat 2 sa patahimik na pagbasa sa paunang pagsusulit na mean na 73.26 ( $sd=4.22$ ) at mean na 81.65 ( $sd=10.24$ ) sa panghuling pagsusulit at nagkamit ng mean gain percentage na 8.39.

### Talahanayan 5. Mean Gain Percentage ng mga Mag-aaral sa mga Eksperimental na mga Pangkat

Pagsusulit	n	Mean	SD	Gain Percentage
Eksperimental na Pangkat 1				
Pauna	33	81.85	5.12	5.18
Panghuli		87.03	8.78	
Eksperimental na Pangkat 2				
Pauna	34	73.26	4.22	8.39
Panghuli		81.65	10.24	

Ipinamalas sa Talahanayan 6 na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 1 sa pasalita na pagbasa. Natuklasan na ang *mean* ng panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 1 ( $M=87.03$ ,  $SD=8.78$ ) ay may higit na kataasan kumpara sa paunang pagsusulit ( $M=81.85$ ,  $SD=5.12$ ). Ang pagkakaibang ito ay sinusuportahan ng *t-computed value* na 1.13, na higit na mas mataas sa antas ng kahalagahan ( $p=0.27$ ). Samantala, sa antas ng pag-unawa sa pauna at <https://ijase.org>

panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 2 ay nagpamalas ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pauna at panghuling pagsusulit. Natuklasan na ang *mean* ng paunang pagsusulit ng eksperimental na pangkat 2 ( $M=81.65$ ,  $SD=10.24$ ) ay higit na kataasan kumpara sa paunang pagsusulit na may *mean* na ( $M=73.26$ ,  $SD=4.22$ ). Sinuportahan naman ito ng t-computed value na  $-5.01$ , na higit na mas mababa sa antas ng kahalagahan ( $p=0.00$ ).

#### Talahayanay 6. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Eksperimental na mga Pangkat

Pagsusulit	n	Mean	SD	t-computed	p-value	Interpretasyon
Eksperimental na Pangkat 1						
Pauna	33	81.85	5.12			
Panghuli		87.03	8.78	1.13	0.27	Walang Makabuluhang
Eksperimental na Pangkat 2						
Pauna	34	73.26	4.22			
Panghuli		81.65	10.24	-5.01	0.00	Makabuluhang

at 0.05 antas ng kahalagahan

Ipinapakita sa Talahanayan 7 na may walang makabuluhang pagkakaiba sa mga mean gain score ng eksperimental na pangkat 1 at eksperimental na pangkat 2. Natuklasan na ang *mean* ng eksperimental na pangkat 2 ( $M=1.20$ ,  $SD=1.70$ ) ay higit na kataasan kumpara sa eksperimental na pangkat 1 ( $M=0.56$ ,  $SD=1.41$ ). Ang pagkakaiba ito ay sinusoportahan ng t-computed value na  $-1.68$ , na higit na mababa sa antas ng kahalagahan ( $p=0.1$ ). Dahil dito, tinanggap ang null hypothesis na nagsasaad ng walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mambababsa.

#### Talahayanay 7. Makabuluhang Pagkakaiba ng Mean Gain Score ng mga Eksperimental na mga Pangkat

	n	Mean	SD	df	t-computed	P-value	Interpretasyon
Eksperimental na Pangkat 1	33	0.56	1.41				
Eksperimental na Pangkat 2	34	1.20	1.70	65	-1.68	0.1	Walang Makabuluhang

at 0.05 antas ng kahalagahan

## INTERPRETASYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, makikita sa resulta ng paunang pagsusulit na ang antas na *Instructional* ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 81.82%, sinundan naman ito ng antas na *Independent* na may bahagdan na 12.12% at sa antas naman ng *Frustration* ay nakakuha ng 6.06%. Samantala, sa panghuling pagsusulit, ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan ay ang antas ng *Independent* na may bahagdan na 57.58%,

nakakuha naman ng bahagdan na 33.33% ang antas ng *Instructional* at ang antas na *Frustration* naman ay may bahagdan na 9.09%. May kaugnayan ito sa natuklasan ni Estrada (2016), na madalas sa paglalahad ng mga mambabasa sa pagbasa nang pasalita ay tumutulong na sa kanila na matutunan ang tamang konteksto, wastong pagbigkas, at kagandahan ng wika. Samantala, binigyang-diin ni Grant (2019) na may mga mambabasa na nakababasa ng teksto ngunit hindi lubusang nauunawaan ang kanilang binabasa, samantalang may ilan namang may kakayahang umunawa ngunit nahihiapan sa pagbasa nang pasalita.

Batay sa resulta ng paunang pagsusulit na ang antas na *Frustration* ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na 55.88%, sinundan naman ito ng antas na *Instructional* na may bahagdan na 44.12%. Makikita din dito na walang nakapagkamit sa antas ng *Independent*. Samantala, sa panghuling pagsusulit, ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan ay ang antas ng *Independent* na may bahagdan na 44.12%, nakakuha naman ng bahagdan na 29.41% ang antas na *Instructional* at ang antas ng *Frustration* naman ay may bahagdan na 26.47%. Sinuportahan din ng pag-aaral nina Fitzer et al. (2015), may kakayahang indibidwal na makabisado ang ilang salita, na nagtutuon sa kanila na mahulaan ang karamihan sa mga salita sa unang yugto ng pagbabasa batay sa unang titik o kabuuang anyo ng salita. Sa kabilanito, nakakakuha pa rin sila ng katamtamang marka sa karamihan ng mga pagsusulit sa pagbasa. Samantala, isinagawa ni Daniel (2014) ang isang malawakang pananaliksik sa humigit-kumulang 8,500 mag-aaral mula ikaapat hanggang ikawalong baitang upang makabuo ng isang inistandard na sukat sa bilis ng tahimik na pagbabasa at pag-unawa.

Sa antas ng pag-unawa, ang paunang pagsusulit ng eksperimental 1 sa pasalita na pagbasa ay nakakuha ng *mean* na 81.91(*SD*=5.12) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ang mga mag-aaral habang sa panghuling pagsusulit naman ay nakakuha ng *mean* na 87.03 (*SD*=8.78) na may deskriptibong halos ganap na nauunawaan na ng mga mag-aaral. Tumutugma ito sa pag-aaral nina Head et al. (2014), ang bagong bokabularyo ay nagpapalakas ng pag-intindi sa pagbabasa at nangangailangan sa koneksyon ng ponolohiya, ortografiya, sintaksis, at semantika. Batay sa PHIL-IRI, ang pangunahing suliranin sa paaralan ay ang kakulangan sa pag-unawa sa binasa (Luciano, 2019). Dahil dito, patuloy na naghahanap ng mabisang estratehiya ang mga guro upang maagapannang sa gayon matugunan ang mga mambabasa (Tavera & Casinillo, 2020).

Samantala, sa antas ng pag-unawa sa paunang pagsusulit ng eksperimental 2 sa patahimik na pagbasa ay nakakuha ng *mean* na 73.26 (*SD*=4.22) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ang mga mag-aaral habang sa panghuling pagsusulit naman ay may kaparehong interpretasyon na nakakuha ng *mean* na 81.65 (*SD*=10.24) na may deskriptibong papalapit sa ganap na pag-unawa ng mga mag-aaral. Kahalintulad ito kina Miñoza et al. (2019), habang tumatanda ang mambabasa, mas gumagaling sila nang tahimik sa pagbasa, nagpapakita sa epekto ng edad sa komprehensyon. Dagdag ni Pardo (2014), maaaring mapahusay ang pagkaunawa sa teksto ng pagpapalawak sa bokabularyo, malawakang pagbabasa, at kritikal na pagsusuri.

Batay sa dalawang pangkat, nakapagtala ang eksperimental na pangkat 1 sa pasalita na pagbasa ng *mean* na 81.85 (*sd*=5.12) sa paunang pagsusulit at *mean* na 87.03 (*sd*=8.78) sa panghuling pagsusulit at nakakuha ng *mean gain percentage* na 5.18. Samantala, nakapagtala naman ang eksperimental na pangkat 2 sa patahimik na pagbasa sa paunang pagsusulit na *mean* na 73.26 (*sd*=4.22) at *mean* na 81.65 (*sd*=10.24) sa panghuling pagsusulit at nagkamit ng *mean gain percentage* na 8.39. May kaugnayan ito sa pag-aaral ni Paz (2018), na binibigyan ng punto ang implikasyon ng mga programang pang-akademiko at mga

aktibidad sa paaralan na naglalayon na palawigin ang kakayahan ng mga mambabasa sa kritikal at interpretatibo. Bukod dito, binibigyang ng diin ng kanyang pag-aaral ang pangangailangan ng regular nasa pagsusuri nang sa gayon masubaybayan itong akademikong pag-unlad at pag-unawa sa pagbasa ng mga mambabasa. Samantala, ipinakita naman ng pag-aaral nina Suson et al. (2020), ang pangunahing batayan ng pag-unawa sa pagbabasa ang kakayahan ng mambabasa na makilala ng titik at tunog. Dagdag pa nina Fitzer et al. (2015), may kakayahan ang indibidwal na makabisado ang ilang salita, na nagtutuon sa kanila na mahulaan ang karamihan sa mga salita sa unang yugto ng pagbabasa batay sa unang titik o kabuuang anyo ng salita. Sa kabilanito, nakakakuha pa rin sila ng katamtamang marka sa karamihan ng mga pagsusulit sa pagbasa. Samantala, isinagawa ni Daniel (2014) ang isang malawakang pananaliksik sa humigit-kumulang 8,500 mag-aaral mula ikaapat hanggang ikawalong baitang upang makabuo ng isang inistandard na sukat sa bilis ng tahimik na pagbabasa at pag-unawa.

Batay sa pagkakaiba ng antas ng pag-unawa, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 1 sa pasalita na pagbasa. Natuklasan na ang *mean* ng panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 1 ( $M=87.03$ ,  $SD=8.78$ ) ay may higit na kataasan kumpara sa paunang pagsusulit ( $M=81.85$ ,  $SD=5.12$ ). Ang pagkakaibang ito ay sinusuportahan ng *t-computed value* na 1.13, na higit na mas mataas sa antas ng kahalagahan ( $p=0.27$ ). Samantala, sa antas ng pag-unawa sa pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 2 ay nagpamalas ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pauna at panghuling pagsusulit. Natuklasan na ang *mean* ng paunang pagsusulit ng eksperimental na pangkat 2 ( $M=81.65$ ,  $SD=10.24$ ) ay higit na kataasan kumpara sa paunang pagsusulit na may *mean* na ( $M=73.26$ ,  $SD=4.22$ ). Sinupotahan ito ng pag-aaral ni Pretorius (2016), layunin nitong ipakita ang ugnayan sa pagitan ng kakayahang magbasa at maunawaan sa pagbasa ng mga mambabasa. Samantala, binigyang-diin nina Tibus et al. (2016) na ang pag-unlad sa akademiko ay nakasalalay sa kahusayan ng mambabasa na umunawa, mag-analisa, at mag-aplay ng impormasyong natutunan sa pamamagitan ng pagbasa. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa kahusayan sa sa pagbasa ay isang malaking hadlang sa tagumpay ng isang mag-aaral sa paaralan.

Dagdag pa rito, walang makabuluhang pagkakaiba sa mga mean gain score ng eksperimental na pangkat 1 at eksperimental na pangkat 2. Natuklasan na ang mean ng eksperimental na pangkat 2 ( $M=1.20$ ,  $SD=1.70$ ) ay higit na kataasan kumpara sa eksperimental na pangkat 1 ( $M=0.56$ ,  $SD=1.41$ ). Ang pagkakaibang ito ay sinusuportahan ng *t-computed value* na -1.68, na higit na mababa sa antas ng kahalagahan ( $p=0.1$ ). May kaugnayan ito sa natuklasan ni Kilpatrick (2020), na ang kamalayan sa ponolohiya ay tumutukoy sa kakayahang matukoy at manipulatin ang mga tunog sa loob ng isang salita. Kasama rito ang pagkilala sa mga ponema, mga pantig at mga tugma. Ang matibay na pundasyon sa kamalayang ponolohikal ay mahalaga sa pag-decode sa mga salita at sa pagbabago ng kahusayan sa pagbasa. Ang gawaing tulad sa pagtukoy ng tunog sa unahan at hulihan ng mga salita, paghahati ng salita sa pantig at pagkilala sa mga tugmang salita ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kasanayang ito (Brady et al., 2021).

## KONKLUSYON

Sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na may integrasyon sa pasalitang pagbasa at mga estratehiyang angkop sa pagtuturo ay nagpakaít ng positibong pag-unlad, na sa pasalita na pagbasa ay nakitaan ng kakayahang bumasa na nasa antas na Instructional sa mga teksto bago pa man ang interbensyon ngunit kailangan pa ng kaunting gabay mula sa guro.

Samantala, sa patahimik na pagbasa ay nagkaroon ng malaking pag-unlad mula sa antas na Instructional patungo sa antas ng Independent sa paunang pagsusulit hanggang sa panghuling pagsusulit. Ang mga resultang ito ay naglalatag ng malawak na batayan na mainam gumamit ng mga estratehiya upang mapaunlad ang antas ng mga mambabasa mula sa antas na Frustration at Instructional patungo sa pag-unlad sa antas na Independent.

Sa kabilang dako, ang pangunahing pagsusulit ng eksperimental 1 ay nakapagtala ng papalapit sa ganap na pag-unawa habang sa panghuling pagsusulit ay halos ganap na nauunawaan na ng mga mag-aaral sa binasang teksto. Samantala, ang paunang pagsusulit ng eksperimental 2 papalapit din sa ganap na pag-unawa habang sa panghuling pagsusulit naman ay papalapit pa din sa ganap na pag-unawa ng mga mag-aaral. Batay sa pamantayan sa iskor na inilahad, hindi pa sapat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga binasang teksto at katanungan bago pa man ang supplemental na pagtuturo. Gayunpaman, batay sa resulta ng panghuling pagsusulit, nakapagtala ng malaking pag-unlad sa mga eksperimental na pangkat.

Hindi pa sapat ang kaalaman o kasanayan ng mambabasa sa pag-unawa ng teskto dahil ipinapakita sa resulta na mas may maliliit na mean gain percentage sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng pasalita na pagbabasa sa eksperimental na pangkat 1. Sa resulta naman ng mean gain percentage sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng patahimik na pagbasa sa eksperimental na pangkat 2 ay may malaking pagitan. Samakatuwid, nagkaroon ng malaking pagbabago sa pag-unawa sa pasalitang pagbasa.

Bukod pa rito, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ang pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat 1 at may makabuluhang pagkakaiba naman ang sa eksperimental na pangkat 2. Pinatitibay din ng naging resulta ng pananaliksik na tumataas ang kakayahang patahimik na pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Samantala, walang makabuluhang pagkakaiba ang mean gain score sa pagitan ng eksperimental na mga pangkat. Ipinagtibay ng resulta ang pasalitang pagbasa ay napakaepektibong paraan sa pagkatuto gamit ang iba't ibang estratehiya ngunit mas naging kapaki-pakinabang ang *supplemental* na pagtuturo sa patahimik na pagbasa na nagresulta sa mas malawak na antas ng pag-unawa ng mga mambabasa.

## SANGGUNIAN

- [1] Al-Jarrah, H., & Abu Rass, R. (2014). The effect of using KWL strategy on reading comprehension of 5th grade EFL students in Kuwait. *English Language Teaching*, 7 (1) , 127-137.  
<https://doi.org/10.5539/elt.v13n4p15>

- [2] Amendum, S. J., Conradi, K., & Hiebert, E. (2017). Does text complexity matter in the elementary grades? A research synthesis of text difficulty and elementary students' reading fluency and comprehension. *Educational Psychology Review*, 1-31. <https://doi.org/10.1007/s10648-017-9398-2>
- [3] Archer, A. L., & Hughes, C. A. (2010). Explicit instruction: Effective and efficient teaching. Guilford Publications.
- [3] Ascenzi-Moreno, L., & Quiñones, R. (2020). Bringing bilingualism to the center of guided reading instruction. *The Reading Teacher*, 74 (2), 137-146.
- [4] Azevedo, R., Taub, M., & Biswas, G. (2021). Self-regulated learning with advanced learning technologies: Conceptual, empirical, and methodological issues. In J. A. Dunlosky & K. A. Rawson (Eds.), *The Cambridge handbook of cognition and education* (pp. 624–653). (Cambridge University Press. <http://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2019.04.001>
- [5] Baepler, P., Walker, J. D., & Driessen, M. (2014). It's not about seat time: Blending, flipping, and efficiency in active learning classrooms. *Computers & Education*, 78, 227-236. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2014.06.006>
- Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A study in experimental and social psychology. Cambridge, UK: Cambridge University Press.
- Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A study in experimental and social psychology. Cambridge, UK: Cambridge University Press.
- Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A study in experimental and social psychology. Cambridge, UK: Cambridge University Press.
- Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A study in experimental and social psychology. Cambridge, UK: Cambridge University Press.
- [6] Barlett, F. C. (1932) *Remembering: A study in experimental and social psychology*. Cambridge, UK: Cambridge University Press.
- [7] Beck, I. L., McKeown, M. G., & Kucan, L. (2013). Bringing words to life: Robust vocabulary instruction. Guilford Press.
- [8] Blachowicz C & Ogle D 2008. Reading comprehension: *Strategies for independent learners* (2nd ed). New York, NY: The Guilford Press.
- [9] Bower, G. H. (2019). Narrative scripts. *The Oxford handbook of language and social psychology*, 400-415.

- [10] Brown, B. A., Boda, P., Lemmi, C., & Monroe, X. (2019). Moving culturally relevant pedagogy from theory to practice: Exploring teachers' application of culturally relevant education. in science and mathematics. *Urban Education*, 54(6), 775-803. <https://doi.org/10.1177/0042085918794802>
- [11] Cabardo, J. O. (2014). Reading proficiency level of students: *Basis for Reading intervention program*. <https://doi.org/10.2139/ssrn.2712237>
- [12] Cerado, M. N., Latigo, L. T., & Pagdato Jr., D. A. (2018). Factors affecting the reading ability of grade 7 students: *Basis for reading enhancement program of the school*.
- [13] Coiro, J., Knobel, M., Lankshear, C., & Leu, D. J. (Eds.). (2022). Handbook of research on new literacies. Routledge.
- [14] Connelly, F. M., & Clandinin, D. J. (2000). Narrative understandings of teacher knowledge. *Journal of Curriculum & Supervision*, 15(4), 315-331.
- [15] Craig, C. J. (2018). Metaphors of knowing, doing and being: Capturing experience in teaching and teacher education. *Teaching and Teacher Education*, 69, 300-311.
- [16] Cunha, V. L. O., & Capellini, S. A. (2016). Characterization of reading comprehension performance of students from 3rd to 5th grades of elementary school. *Speech, Language, Hearing Sciences and Educational Research. Revista CEFAC*, 18, 941-951. doi: 10.1590/1982-0216201618421215
- [17] Davis, Y. T., Datulayta, F. M. C., Dacalos, J. S., Cordova, B. B., Clerigo, K. A., Canoy, N. E., & Inocian, R. B. (2016). Effective teaching practices in handling nonreaders. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 4(3).
- [18] Delisio LA, Bukaty CA & Taylor M 2018. Effects of a Organizer intervention package on the mathematics word problem solving abilities of students with autism spectrum disorders. *Journal of Special Education Apprenticeship*, 7(2):1–22.
- [19] Denton, C. A., Barth, A. E., Fletcher, J. M., Wexler, J., Vaughn, S., Cirino, P. T., & Francis, D. J. (2011). The relations among oral and silent reading fluency and comprehension in middle school: Implication for identification and instruction of students with reading difficulties. *Scientific Studies of Reading*, 15 (2) , 109 -135. <https://doi.org/10.1080/10888431003623546>.
- [20] Doncheva, M., Averkieva, M., & Galabova, T. (2021). Metacognitive strategies and self-regulated learning in online environment. *International Journal of Cognitive Research in Science, Engineering and Education (IJCRSEE)*, 9(2), 163-172.

- [21] Duke, N. K., & Pearson, P. D. (2019). Effective practices for developing reading comprehension. *Journal of education*, 189(1-2), 107-122.
- [22] Education Endowment Foundation (2017). EEF Projects. London: Education Endowment Foundation.
- [23] Espejo, C. T., Macahilig H. B., & Gutierrez M. M. (2016). The comprehension level of selected grade four pupils vis-à-vis text and test types in Filipino. *The Normal Lights*, 10(1).
- [24] Ehri, L. C. (2020). Orthographic mapping in. the acquisition of sight word reading, spelling memory, and vocabulary learning. *Scientific Studies of Reading*, 24(5), 451–469.
- [25] Englert, C. S., Mariage, T. V., & Garmon, M. A. (2017). Learning to write well: Research on writing instruction. In *Handbook of special education* (pp. 525-542). Routledge.
- [26] Estrada J. A. (2016). The level of English oral reading fluency among Abot – Alam secondary learners. *World Journal of English Language*, 6(3). <https://doi.org/10.5430/wjel.v6n3p9>
- [27] Fisher, D., & Frey, N. (2014). Better learning through structured teaching: A framework for the gradual release of responsibility. ASCD.
- [28] Fountas, I.C., & Pinnell, G.S. (2017). Guided reading: Responsive teaching across the grades. Portsmouth, NH: Heinemann. <https://doi.org/10.4324/9781138609877-REE227-1>
- [29] García, O., Johnson, S. I., Seltzer, K., & Valdés, G. (2017). *The translanguaging classroom: Leveraging student bilingualism for learning* (pp. v-xix). Philadelphia, PA: Caslon.
- [30] Guo, P. J., Chi, M., & Tur, G. (2020). From passive to active: A framework for evaluating and designing educational video. *ACM Transactions on Computing Education (TOCE)*, 20(1), 1-22.
- [31] Habibian, M., & Roslan, S. (2014). The relationship between self-efficacy in reading with language proficiency and reading comprehension among ESL learners. *Journal of Education and Science*, 5(4), 119-126.
- [32] Harvey, S., & Goudvis, A. (2017). Strategies that work: *Teaching comprehension for understanding and engagement*. Stenhouse Publishers.
- [33] Head, R., & Leblanc, R. (2014). Effective vocabulary strategies for students with

learning disabilities. Toronto, USA.

- [34] Herman, D. (2016). Storytelling and narrative methods. In *The Routledge handbook of corpus linguistics* (pp. 512-526). Routledge.
- [35] Hew, K. F., & Cheung, W. S. (2014). Students' and instructors' use of Facebook in higher education: A review of the literature. *Computers & Education*, 79, 118-128.
- [36] Hoyt, L. (2013). Revisit, reflect, retell: Strategies for improving reading comprehension. Heinemann.
- [37] Hutner, T. L., & Markman, A. B. (2016). Proposing an operational definition of science teacher beliefs. *Journal of Science Teacher Education*, 27(6), 675-691.
- [38] Jang, S. J., & Tsai, C. C. (2010). Exploring the TPACK of Taiwanese secondary school science teachers using a questionnaire survey. *Computers & Education*, 55(2), 548–555.
- [39] Jang, E. E. (2020). Exploring the effects of online discussion forums on student engagement and learning in a blended learning environment. *Computers in Human Behavior*, 104, 106173.
- [40] Jaucian, M.B. (2020, January 30). 70,000 Bicol Pupils can't read – DepEd, *Philippine Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/1229537/70000-bicol-pupils>.
- [41] Johnson, D. W., Johnson, R. T., & Holubec, E. J. (2020). Cooperation in the classroom. Interaction Book Company
- [42] Kamil, M. L., Mosenthal, P. B., Pearson, P. D., & Barr, R. (Eds.). (2020). Handbook of reading research, volume V. Routledge.
- [43] Kilpatrick, D. A. (2020). Equipped for reading success: A comprehensive, step-by-step program for developing phonemic awareness and fluent word recognition. Casey & Kirsch Publishers.
- [44] Kim, Y. S., & Phillips, B. (2017). Effects of story grammar instruction on reading comprehension of elementary students with learning disabilities. *Learning Disability Quarterly*, 40(2), 77-89.
- [45] Kim, Y. S. G., Petscher, Y., & Vorstius, C. (2019). Unpacking eye movements during oral and silent reading and their relations to reading proficiency in beginning readers. *Contemporary Educational Psychology*, 58, 102-120.
- [46] Kim, Y. S., Petscher, Y., Wanzek, J., & Vaughn, S. (2021). The contributions of word reading accuracy, automaticity, and prosody to reading comprehension: A meta-analysis. *Scientific Studies of Reading*, 25(2), 167–185.

- [47] Kim, Y., Vaughn, S., Wanzek, J., & Wei, S. (2021). Effects of graphic organizers on reading comprehension for students with learning disabilities: A meta-analysis. *Learning Disability Quarterly*, 44(1), 4-17.
- [48] Kuhn, M. R., & Stahl, S. A. (2013). Fluency: What it is and why it's important. In S. R. Polloway & J. R. Patton (Eds.), *Effective reading instruction for struggling readers* (pp. 165–182). PRO-ED.
- [49] Laal, M., & Ghodsi, S. M. (2012). Benefits of collaborative learning. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, 31, 486-490.
- [50] Lagarto, R. A. (2021). Reading proficiency level among Grade 7: Basis for reading intervention program.
- [51] Landa, K. G., & Barbetta, P. M. (2017). The effects of repeated readings on the reading performances of Hispanic English language learners with specific learning disabilities. *Journal of International Special Needs Education*, 20(1), 1-13. <https://doi.org/10.9782/2159-4341-20.1.1>
- [52] Lenters, K. (2019). Nerdisms, Almina, and the petsitter: Becoming social commentary composers. *Research in the Teaching of English*, 53(4), 363–389.
- [53] Leu, D. J., Kinzer, C. K., Coiro, J., & Cammack, D. W. (2011). Toward a theory of new literacies emerging from the Internet and other digital technologies. In M. L. Kamil, P. B. Mosenthal, P. D. Pearson, & R. Barr (Eds.), *Handbook of reading research*, Volume IV (pp. 1570–1611). Routledge.
- [54] Leu, D. J., Kinzer, C. K., Coiro, J., Castek, J., & Henry, L. A. (Eds.). (2021). *Literacy research: Bridging the boundaries of academic, policy, and practice*. Springer Nature.
- [55] Lewis E, Dema O & Harshbarger D 2014. Preparation for practice: Elementary preservice teachers learning and using scientific classroom discourse community instructional strategies. *School Science and Mathematics*, 114(4):154–165.<https://doi.org/10.1111/ssm.12067>
- [56] Lysenko, M., & Abrami, J. (2014). An analysis of ESL, children's verbal interaction during computer book reading. *Computers in the Schools*, 13(3/4), 55-73. [https://doi.org/10.1300/J025v13n03\\_06](https://doi.org/10.1300/J025v13n03_06)
- [57] Mandler, J. M., & Johnson, N. S. (2018). Remembrance of things parsed: Story structure and recall. *Cognitive psychology*, 9(1), 111-151.
- [58] Means, B., Toyama, Y., Murphy, R., Bakia, M., & Jones, K. (2009). Evaluation <https://ijase.org>

of evidence-based practices in online learning: A meta-analysis and review of online learning studies.

- [59] McComas, J., Lienemann, T. O., & Didion, L. (2022). Effects of a Question-Answer Relationship Intervention on the Reading Comprehension of Students With Learning Disabilities. *Learning Disability Quarterly*, 45(1), 36–49.
- [60] Miñoza M. V., & Montero, M. A. (2019). Reading comprehension levels among intermediate learners. *Science International (Lahore)*, 31(3), 561-568.
- [61] Misanes, C. H. G., & Pascual, E. (2023). Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Performance of Grade 8 Students: Basis for a Reading Intervention Program. *Psychología y Educación: A Multidisciplinary Journal*, 13(3), 276-290.
- [62] Moats, L. C., & Tolman, C. (2004). *Language essentials for teachers of reading and spelling*. Longmont, CO: Sopris West Educational Services.
- [63] Murphy, P. K., Wilkinson, I. A., Soter, A. O., Hennessey, M. N., & Alexander, J. F. (2009). Examining the effects of classroom discussion on students' comprehension of text: A meta-analysis. *Journal of Educational Psychology*, 101(3), 740.
- [64] Nagy, W. E. (2021). Teaching vocabulary to develop reading comprehension. Guilford Publications.
- [65] Nasibog E. C., & Telan, R. A. (2016). Reading rate and reading comprehension among grade three students. The University of Mindanao, Davao City.
- [66] National Council of Teachers of English [NCTE]. (2022). Framework for success in postsecondary writing. NCTE.
- [67] Norrick, N. R. (2015). Conversational narrative. In *The handbook of discourse analysis* (pp. 265-278). John Wiley & Sons.
- [68] Novak, J. D., & Cañas, A. J. (2022). *Theory underlying concept maps and how to construct and use them*. CRC Press.
- [69] Panayiota, K., Papadopoulos, T. C., & Spanoudis, G. (2016). Reading Comprehension and PASS theory. Department of Educational Psychology, University of Minnesota, Minneapolis.
- [70] Pardo, (2014). Supplemental reading instruction for students at risk of reading disabilities: Improve reading 30 minutes at a time. Learning Disabilities, South Dakota.



- [71] Paris, S. G. (2023). The development of children's reading comprehension. In *Handbook of child psychology and developmental science, cognitive development* (pp. 486-515). John Wiley & Sons Inc.
- [72] Pretorius, E. J., & Spaull, N. (2016). Exploring relationships between oral reading fluency and reading comprehension amongst English second language readers in South Africa. *Reading and Writing*, 29, 1449-1471.
- [73] Pikulski, J.J. & Chard, D.J. (2005). The Fluency Bridge between Decoding and Reading Comprehension. *The Reading Teacher, Volume 58 No.6*, pp. 510 to 519. <https://www.jstor.org/stable/20205516>
- [74] Rahman F, Jumani NB, Chaudry MA, Chisti SH & Abbasi F 2010. Impact of Metacognitive awareness on performance of students in chemistry. *Contemporary Issues in Education Research*, 3(10):39–44. <https://doi.org/10.19030/cier.v3i10.237>
- [75] Rasinski, T. V., Rupley, W. H., Paige, D. D., & Nichols, W. D. (2011). Effective instruction for struggling readers, K-6. Pearson. <https://doi.org/10.12973/iji.2016.9113a>
- [76] Rath, Ivy, "How Oral Reading Fluency and Reading Comprehension are Intertwined" (2018). Dissertations, Theses, and Projects. 63. <https://red.mnstate.edu/thesis/63>
- [77] Robinson, D., & Randall L. (2016). Social justice in physical education: *Critical reflections and pedagogies for change*. Canadian Scholars' Press Toronto.
- [78] Rosenshine, B. (2012). Principles of instruction: Research-based strategies that all teachers should know. *American Educator*, 36(1), 12–19, 39.
- [79] Saddler, B., Behforooz, M., & Asaro-Saddler, K. (2016). The effects of story grammar instruction on the narrative writing of middle school students with learning disabilities. *Learning Disability Quarterly*, 39(3), 162-173.
- [80] San Juan, R. (2019, December 4). Philippine lowest in Reading Comprehension among 79 Countries, *Philippine Star* <https://philstar.com/headlines/>
- [81] Savaşçı, M. (2014). The effect of KWL strategy on reading comprehension achievement and attitude towards reading lessons. *Educational Research and Reviews*, 9(17), 594-601.
- [82] Schroeder, N. L., Nesbit, J. C., Anguiano, C., & Adesope, O. O. (2013). <https://ijase.org>



Studying and constructing concept maps: A meta-analysis. *Educational Psychology Review*, 25(2), 151–187.

- [83] Sun, J. C. Y., & Chen, C. H. (2020). Online learning in the post-COVID-19 era: A review and future directions. *Computers and Education: Artificial Intelligence*, 1, 100019. <https://doi.org/10.1007/s10648-017-9403-9>
- [84] Suson, R., et.al (2020). *Basic Reading Comprehension. in Philippine Settings. Universal Journal of Educational Research.* <https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080904>
- [85] Tavera, G. F., & Casinillo, L. F. (2020). Knowledge Acquisition Practices and Reading Comprehension Skills of the Learners. in Hilongos South District, Leyte Division, Philippines. *JPI (Journal PendidikanIndonesia)*, 9(3), 533-544. <https://doi.org/10.23887/jpi-undiksha.v9i3.28114>
- [86] Tracey, D. H., & Morrow, L. M. (2012). Lenses on reading: an introduction to theories and models. New York, Guilford Press. *Theory and Practice in Language Studies*, Vol. 10, No. 4, pp. 379-388. <http://dx.doi.org/10.17507/tpls.1004.05>
- [87] Vacca, R. T., Vacca, J. L., & Mraz, M. E. (2014). Content area reading: Literacy and learning across the curriculum. Pearson.
- [88] Villafuerte, V. (2021). *Maikling Kuwentong Pambata: Pagtuturo at Pagkatuto*. Tanza, Cavite, Philippines: 7 Eyes Productions
- [89] Vorstius, C., Radach, R., & Lonigan, C. J. (2014). Eye movements. in developing readers: *A comparison of silent and oral sentence reading. Visual Cognition*, 22 (3), 45. 8 – 485. <https://doi.org/10.1080/13506285.2014.881445>
- [90] Walpole, S., & McKenna, M. C. (2020). *The literacy essentials: Engagement, excellence, and equity for all learners*. Guilford Publications.
- [91] Wright, T. S., & Neuman, S. B. (2020). Bringing the science of reading to early childhood classrooms. *The Reading Teacher*, 74(3), 273-282.
- .